

VALLEY FEVER (COCCIDIOIDOMYCOSIS)

Talaan ng Katotohanan para sa mga Taong May Human Immunodeficiency Virus (HIV)

Ano ang Valley Fever?

Ang Valley Fever ay isang sakit na karaniwang nakakaapekto sa mga baga. Ito ay dulot ng fungus na tinatawag na *Coccidioides*. Ang *Coccidioides* ay nabubuhay sa lupa. Ito ay isang matigas na anyo ng fungus na nabubuhay nang matagal na panahon sa ilalim ng malupit na kundisyon ng kapaligiran gaya ng init, lamig at tagtuyot, at kumakalat sa pamamagitan ng mga maliit na organismo sa hangin kapag ang lupa ay nagalaw. Tinatayang 150,000 mga impeksyon ng *Coccidioides* ang nagaganap kada taon sa Estados Unidos kahit na mahigit sa kalahati ng mga impeksyon na ito ay hindi nagpapakita ng sintomas.

Saan matatagpuan ang Valley Fever fungus?

Ang Valley Fever fungus ay matatagpuan sa ilang bahagi ng timog-kanlurang Estados Unidos, at sa ilang bahagi ng Mexico at Sentro at Timog Amerika. Ang mga lugar na ito ay may lupa at kundisyon ng panahon na nagpapahintulot sa fungus na tumubo. Sa California, ang fungus ay matatagpuan sa maraming bahagi ng San Joaquin Valley (Central Valley).

Paano nakukuha ng mga taong may HIV ang Valley Fever?

Ang mga taong may HIV ay nagkaka-impeksyon ng Valley Fever sa paraang katulad sa ibang mga tao, sa paglanghap ng maliit na organismong fungal. Ang mga tao ay maaaring magkaroon ng Valley Fever kapag nakalanghap sila ng alikabok na naglalaman ng maliit na organismong fungal. Ang maliit na organismong fungal ay maaaring mapunta sa hangin kung ang lupang naglalaman ng fungus ay nagalaw dahil sa paghuhukay, sa konstruksyon, o dahil sa malakas na hangin. Ang mga trabahador sa konstruksyon o bukid, mga tauhang militar, arkeologo, at iba pang nakakalanghap ng alikabok mula sa lupa sa mga lugar kung saan ang Valley Fever ay karaniwan ay maaaring malantad sa maliit na organismong fungal.

Ang mga taong may HIV ba ay mas malamang na magkaka-impeksyon ng Valley Fever?

Hindi. Ang mga taong may impeksyon ng HIV ay hindi mas malamang na magkaka-impeksyon ng fungus na sanhi ng Valley Fever. Subalit, ang ilang mga tao na may HIV na nagkaka-impeksyon ng Valley Fever nang nakaraan ay maaaring magkasakit kung ang kanilang resistensya ay humina at kung ang dating impeksyon, na hindi na aktibo sa katawan ay muling maging aktibo.

Paano malalaman ng isang taong may HIV kung sila ay may Valley Fever?

Karamihan sa mga taong may mga sintomas ay nagkakaroon ng mala-trangkasong sakit na may kasamang ubo, lagnat, pananakit ng dibdib, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, at kapagalan. Minsan ang ibang bahagi ng katawan ay apektado, gaya ng utak, buto, balat, o iba pang mga bahagi.

Ano ang dapat gawin ng taong may HIV kung inaakala niyang siya ay may Valley Fever?

Kung mayroon ka ng mga sintomas ng Valley Fever, humingi agad ng medikal na atensyon. Siguraduhing sabihin sa iyong doktor kung tumira ka o pumunta ka sa lugar kung saan ang Valley Fever ay karaniwan.

Paano ginagamot ang Valley Fever sa taong may HIV?

Maraming klase ang iniinom at itinuturok na gamot panlaban sa fungal para sa paggamot ng Valley Fever. Ang doktor mo ang magdedesisyon kung ano ang pinakamabuting gamot para sa iyo at magsasabi kung gaano katagal mo kailangan ang paggamot. Ang ilang tao na may Valley Fever ay nangangailangan ng panghabang buhay na paggamot para pigilan ang sakit sa muling pagbalik.

Ang mga taong may HIV ba ay may ibang reaksyon sa Valley Fever kumpara sa ibang mga tao?

Sinumang may mahinang resistensya ay may peligro sa malalang sakit sa Valley Fever. Ang mga taong may HIV ay may panganib sa napalaganap na Valley Fever na kumakalat palabas ng baga papuntang utak, buto, balat, o iba pang mga bahagi.

Ang taong may HIV ba ay maaaring mahawa ng Valley Fever sa taong may impeksyon nito?

Hindi. Ang Valley Fever ay hindi naisasalin sa isang tao papunta sa isa.

Paano poprotektahan ng mga taong may HIV ang kanilang sarili laban sa Valley Fever?

Ang malakas na resistensya ang pinakamabisang proteksyon laban sa malalang sakit sa Valley Fever. Ang taong may HIV ay matutulungang protektahan ang sarili nila sa pamamagitan ng pangangalaga ng doktor at pag-inom ng lahat ng iniresetang mga gamot sa HIV.

Ang Valley Fever ay mahirap pigilan. Walang bakuna sa kasalukuyan; kasalukuyang sinisikap na makabuo ng bakuna. Ang mga taong nasa peligro sa Valley Fever o na makakuha ng malalang sakit ay dapat na iwasan ang malantad sa mga maalikabok na hangin kung saan ang Valley Fever ay karaniwan. Ang mga nalalantad sa panahon ng kanilang pagtatrabaho o mga panglabas na gawain sa mga lugar na ito ay dapat na isaalang-alang ang proteksyon sa paghinga, gaya ng maskara, sa panahon ng mga gawain na ito.

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Valley Fever?

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) at ang pampederal na Mga Sentro para sa Pamamahala at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) ay may mga website na may impormasyon ukol sa Valley Fever:

<http://www.cdph.ca.gov/HealthInfo/discond/Pages/Coccidioidomycosis.aspx>

<http://www.cdc.gov/fungal/coccidioidomycosis/>

June 2012